( TAGALOG/ タ ガ ロ グ 語 版 )

Ｎｏ．107

KIAN

KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION NEWS

# KUMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

319

## Ika-11 Piyesta ng Kawasaki sa Takatsu

第 11 回　Buy かわさきフェスティバル in たかつ

Ang "Ika-11 Buy Kawasaki Festival sa Takatsu" ay gaganapin sa istasyon ng JR Mizonokuchi mula sa labasan, daanan, harap ng tiketan・pedestrian deck sa ika-10 ng Nobyembre (Sabado) Mag-uumpisa ito mula alas 10 ng umaga hanggang alas 5 ng hapon. Makikita at mabibili sa lugar na ito ang mga produktong sikat at bilang bahagi ng Buy Kawasaki Campaign, may mga eksibisyon ng mga produktong gawa sa Salamin o Kristal, maaari ding maranasan ang paggawa nito.

Meron ding mga pagtatanghal ng mga street musicians, pagtatanghal ng mga awit at tugtugin atbpa.　Magtanong sa Economic Affairs Bureau, Planning Section: 044-200-2322.

## Pagbubukas ng Kawasaki City Art Center

320　川崎市アートセンターオープンエベント

Bilang bahagi ng 「Shinyuri・City of Arts」, magtatanghal ng mga dula o drama at mga palabas sa sine bilang pagdiriwang sa pagbubukas ng "Kawasaki City Art Center" sa Shinyurigaoka nitong ika-31 ng Oktubre.

Ang ibentong pangbukas ay drama na kung saan ito ay gaganapin sa ika-15 ng Nobyembre (Huwebes) hanggang ika-18 (Linggo), kasama rin dito ang (KYOURAKUZA) konsiyerto drama [istorya tungkol sa Piano]. Sa ika-22(Huwebes) at ika-23(Biyernes, Pistang Opisyal) ay pagtatanghal ng Jyakushuu Ningyou Za "ECHIZEN TAKE NINGYOU"

Karagdag nito, magiging aktibo ang mga sinehan sa Art Center sa panahon ng Kawasaki Shinyuri Film Festival mula Huwebes, ika-15 hanggang Linggo, ika-16 ng Disyembre. Ang mga sinehang ito ay gagamitin sa pagpapalabas ng mga pelikulang dadaluhan ng mga direktor nito upang magpaliwanag, at may mga earphone guides at pagsasaling nakasulat sa mismong palabas. Para sa iba pang detalye, tunghayan ang HP ng Kawasaki Art Center o tumawag sa 044-955-0107.

## Shimin Museum

321　市民ミュージアム企画展

May bagong eksibisyon tungkol sa isang samurai at ang buhay nito sa Kawasaki. Pinamagatan itong: TSUWAMONO DOMO NO HIKARI TO KAGE : INAGE SABURO TO SONO JIDAI (「つわもの」どもの光と影－稲毛三郎とその時代－), ibig sabihin, "Ang Ilaw at Anino ng Samurai : Saburo Inage sa kanyang panahon." Mapapanood ito hanggang ika-9 ng Disyembre, (Linggo). Si G. Inage Saburo Shigenari (稲毛三郎重成) ay isa sa mga taong kabilang sa kasaysayan ng Kawasaki City. Ang eksibisyong ito ay nagsasaad ng kanyang mga tagumpay at nagpapaliwanag ng kanyang buhay sa panahong kanyang ginugol sa panahong ito. Itinayo ni Ginoong Shigenari ang kanyang tahanan na sa ngayon ay nasa Kawasaki sa huling panahon ng Heian at sa umpisa ng panahon ng Kamakura ay nagsilbi siyang isang magiting na Musashi Samurai.

Sa eksibisyong ito, matutunghayan ang iba't ibang kagamitan kagaya ng Helmet sa panahon ng Kamakura at ang mga dokumentong "Hojo Yoshitoki Gejijo" (北条義時下知状) na idinispley sa unang pagkakataon. Maaaring magpa-picture na suot ang damit ng Samurai pang-souvenir.(^^)

Ang bayad sa entrans ay 700 yen sa mga adulto, 500 yen para sa high school at kolehiyo at ng 65 taong gulang.Libre naman sa mga Elementarya at junior high school students. Para sa iba pang detalye, tumawag sa Kawasaki City Museum: 044-754-4500.

# PAUNAWA


ハローワーク川崎移転の案内

***Ang "Hello Work Kawasaki" ay lilipat sa bagong lokasyon mula ika-26 ng Nobyembre***

***Lugar: Kawasaki-ku Minami-cho 17-2***

***Telepono:044-244-8609　 Fax:044-233-4343***

***Mapa papunta sa bagong Hello Work Kawasaki:***





# Pagbabago sa pamamaraan ng Imigrasyon

新しい入国検査手続き

**Mag-uumpisa na sa ika-23 ng Nobyembre ang bagong patakaran upang makapasok sa bansang Hapon. Ang lahat ng dayuhang nagnanais pumasok sa bansa ay obligadong magbigay ng tatak ng daliri (finger print) at larawan ng mukha sa Opisyal ng Imigrasyon bago ito bigyan ng pahintulot makapasok sa bansa. Ang sinumang tatanggi sa obligasyong ito ay hindi pahihintulutang pumasok sa bansa.**
**Gayunpaman libreng pumasok ang mga Extraordinary permanent residents, 16 taong gulang pababa, Diplomats, Opisyales, mga imbitado ng Gobyerno at mga nasa katungkulan ayon sa kinikilala ng batas.**

## May problema ka? Tawag na o magsadya sa:



# Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



***Silid －Sanggunihan para sa mga Dayuhan***

**Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.**

**■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika**

**Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado　　Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles**
**Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes　Wikang Portugis: Martes at Biyernes**
**Wikang Koryano : Martes at Huwebes　　Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles**

**■ Oras ng Konsultasyon**


Inilathala ng Asosasyong Pandaidig ng Siyudad ng Kawasaki
〒211-0033　Kawasaki International Center
2-2 Kizuki Gion Cho,Nakahara-Ku, Kawasaki
Tel044-435-7000 Fax044-435-7010　E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/


**10:00 ng umaga　～16:00 ng hapon**